

## Programa ng Nakabahaging Pagtitipid ng Medicare Mga Organisasyon ng Pangangalagang May Pananagutan

*Nagtutulungan para maibigay sa iyo ang pinakamahusay na pangangalaga.*

**Ang iyong Health Center ay bahagi ng Organisasyon ng Pangangalagang May Pananagutan (Accountable Care Organization, ACO). Nakipagtulungan kami sa iba pang doktor, ospital, at provider ng pangangalagang pangkalusugan para matiyak na makukuha mo ang pinakamahusay na pangangalaga.**

*Nagbibigay kami ng magkakaugnay na pangangalaga para gumaling ka at manatiling maayos*

- ▶ Makakakuha ka ng pangangalagang nakasentro sa pasyente na nakatuon sa IYONG mga pangangailangan.
- ▶ Maaaring makita ng iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang parehong mga resulta ng pagsusuri, paggamot, at reseta.
- ▶ Nakakatulong ang higit pang pagsasaayos na maiwasan ang mga medikal na pagkakamali at interaksyon ng gamot.
- ▶ Maaari kang makatipid ng oras, pera, at pagkadismaya sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga paulit-ulit na pagsusuri at appointment.
- ▶ Nakakatulong ang mas mahusay na komunikasyon na maprotektahan ka laban sa pandaraya at pag-aaksaya ng Medicare.

### *Sulitin ang iyong pangangalaga gamit ang aming komunikasyon at suporta*

- ▶ Kapag pumili ka ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na lumalahok sa ACO, tutulungan ka nilang makuha ang tamang pangangalaga sa tamang oras. Maaari kang bumisita sa [Medicare.gov](https://www.Medicare.gov) at mag-log in (o gumawa) ng iyong secure na account sa Medicare para pumili ng doktor sa pangunahing pangangalaga.
- ▶ Pinoprotektahan ng Medicare ang pagkapribado ng iyong impormasyong pangkalusugan. Kung ayaw mong magbahagi ang Medicare ng impormasyon sa iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagsasaayos ng pangangalaga, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaari pa ring magbahagi ang Medicare ng pangkalahatang impormasyon para sukatin ang kalidad ng provider. Para sa higit pang impormasyon kung paano maaaring gamitin at ibigay ng Medicare ang iyong impormasyon, bisitahin ang [Medicare.gov](https://www.Medicare.gov) at hanapin ang “privacy (pagkapribado).”

### *Gusto ng karagdagang impormasyon?*

**Para sa anumang katanungan, magtanong sa aming front desk.** Maaari mo ring tawagan ang Community Care Cooperative sa 1-866-676-9226 (TTY: 711) mula Lunes-Biyernes, 9:00am-5:00pm (EST).

Maaari mo ring bisitahin ang [Medicare.gov](https://www.Medicare.gov) o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Para mag-ulat ng alalahanin o reklamang nauugnay sa Medicare, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227).

Para matuto pa tungkol sa Mga Organisasyon ng Pangangalagang May Pananagutan, i-scan ang QR code dito:

